

# PROLOGO

---

“*A*ba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya. Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo...”

Naglalakad ako nang paluhod sa sahig ng simbahan, bahagyang nakayuko habang palapit sa altar. Kababalik ko lang galing Istanbul at kailangan kong maglinis sa mga kasalanan. Hawak ko sa aking kamay ang isang puting rosaryo na ibinigay sa akin ni Roma noong huli kaming magkita. Napapapikit ako at sandaling napapahinto habang ibinubulong sa Panginoon ang mga nagawa ko.

Kapag narating ko ang dulo ay mangungumpisal naman ako kay Father Mariano. Kilala niya ako, hindi man personal, pero kilala niya ako. Alam niya kung anong klaseng trabaho ang ginagawa ko.

I kill powerful people for a living. I know my soul is toast already, but I just had to refine it after every mission. It's probably one of the reasons why my sanity is still intact.

“Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat, at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus. Santa Maria, ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming makasalanan...”

Narating ko ang dulo ng altar. I kissed the cross of the rosary and prayed hard for forgiveness. Matapos iyon ay tumayo ako at nagpunta sa confession booth. Naroon na si Father Mariano. Naghihintay sa akin.

“Forgive me, Father, for I have sinned,” panimula ako. “In the name of the Father and of the Son and of the Holy Spirit...” Huminga ako nang malalim. “Pumatay ako, Father. At pinagsisisihan ko iyon. Tulad ko, may pamilya siya, pero kailangan niyang mawala para sa ikabubuti ng lahat.”

Lahat ng kasalanan ay ikinumpisal ko na. Matamang nakinig ang pari sa akin. Matagal ko na itong ginagawa. Mula pa nang makapasok ako sa liga ay bumabalik na ako sa kanya para sa purpose na ito.

Yes, after confessing, I feel good about myself. Tila nawawala ang bahid ng dugo sa mga kamay ko at lalabas ako ng simbahan bilang si Ido—ang anak ng nanay ko.

When I was in the field, I was simply Thaddeus—a heartless, merciless killer everyone feared. That was until a woman changed my point of view in life.

Noon, pumapatay lang ako. Ngayon, pumapatay man ako, kinikilala ko muna ang mga tao sa paligid ng target ko—kung anong klaseng buhay meron siya. Kung may pamilya ba siya o wala. How I’d kill him would depend on the kind of life he led.

And that became my trademark.

Roma changed me.

She’s the love of my life. She’s also an assassin. We loved our line of work. Pero dalawang taon nang tumigil si Roma sa trabaho mula nang malaman niyang magkakaanak na kami at hanggang sa makapanganak na nga siya.

Now, she’s a stay-at-home wife. She took

care of our child, Amarah, and she took care of me, too. Mahal na mahal namin ang isa't isa.

Madalas niyang sabihin na parang fairy tale with action ang love story naming dalawa. Nakilala ko si Roma sa isang misyon sa Italya. Pareho kami ng taong hinahabol. We were after Thailand's Prime Minister.

Ang akala ko, kalaban si Roma. We had a brief exchange of physical blows and gunfire until we both realized that we're on the same team. Sabay naming pinatay ang Prime Minister. We found it romantic. Twisted, but romantic. Right then and there, I fell in love with her.

Pagkatapos ng ilang buwan ay nagkita kaming muli sa Vatican City at doon nagpasya kaming magpakasal. Kahit na hindi ko naintindihan ang sinasabi ng pari sa simbahan noon ay todo ngiti ako. Mahal na mahal ko kasi si Roma at wala kaming problema dahil nang ipakilala ko siya sa mga kaibigan ko, they all got on like a house on fire.

My friends were happy for me. Everything was in its right place. The people around us were celebrating with us. It's like having your cake and eating it, too.

Matapos ang ritwal ko ay umuwi na kaagad ako sa bahay. Palagi akong excited umuwi dahil naghihintay sa akin ang mag-ina ko.

Ipinarada ko ang motor ko sa garahe at mabilis na humakbang patungo sa bahay. Pinaglalaruan ko pa ang susi ko sa aking mga kamay. Pumasok ako sa pinto.

"Irog ko!" sigaw ko. "Nandito na ang pinakagwapong

mamamatay-tao sa mundo!” natatawang sabi ko.

Walang sumagot.

Pumunta ako sa kusina, pero wala siya roon. Naisip ko na baka pinatutulog niya si Amarah o baka natutulog silang dalawa sa nursery kaya doon ako sunod na pumunta. Wala rin sila doon.

Lumabas ako at napansing nakabukas ang pintuan sa kuwarto naming mag-asawa. Nakangiting pumasok ako doon, pero agad nawala ang ngiti sa mukha ko nang makita ang mag-ina ko na nahandusay sa kama.

“Roma!” Agad kong dinaluhan ang mag-ina ko. Roma was shot twice in the head and Amara was strangled to death.

“R-Roma!” I cried. Hinaplos ko ang mukha niya.

Binalingan ko ang anak namin. She was just an innocent child. Kinarga ko siya habang pilit kong inaabot ang kamay ni Roma...

# KABANATA I



## *Georgina*

I came from a not-so-big family. I was the youngest of four siblings.

I am usually a nice person but most of the time I love bitching out and giving the people around me a hard time. I am practically a pain in the ass.

That Friday night, we were having dinner in our ancestral home where I still lived with my parents. My older sister visited us, together with her husband and her daughter. Mom was very glad to see my niece.

Ako rin naman, pero hindi ko ipinahahalata. Ayokong isipin ng kapatid ko na okay na kaming dalawa. Although hindi na ako galit sa kanya, naiinis pa rin ako because she bagged the right man—no, the perfect man for her. Hindi naman kasi pwedeng maging perfect ang buhay ng isang tao. There would always be something that could make your life a living hell but in her case, there's none. Her life was just f\*cking perfect. I guess that's one of the perks of marrying a Consunji.

My sister's name is Danelle Varess-Consunji. She is the wife of the elite businessman Javier Ignatius Consunji.

Their daughter's name is Ave Maria Consunji. She's spoiled because Mom and Dad love her so much. Unang apo kasi. At mukhang magkakaroon na ng ikalawa dahil lumolobo na naman ang tiyan ni Danelle.

"George, ano'ng ginagawa mo diyan?" Inakbayan ako ni Pablo, my older brother.

Siniko ko siya. Hindi ko ipinahahalata sa kanya na close kami. I love my brothers. Si Pablo ang pinakapaborito kong kapatid. Sunod si Marcus na ibinibigay ang lahat ng gusto ko sa buhay. We came from a clan of doctors. Kung ang mga Consunji puro negosyante, kami naman ay nasa medisina.

Heart surgeon si Pablo at OB naman si Danelle. Si Marcus ay nasa neurology at ako naman ay nasa plastic surgery.

I love my job. Ang pinakapaborito ko ay ang acute burn surgery. I love it when burn patients scream in pain. Sadista nga siguro ako. Because I feel good when someone is hurting.

"Look how happy Dandan is," sabi ko kay Pablo. "It makes me sick." Napapailing ako. Narinig kong tinawag na kami ni Mommy para kumain. Naupo na ako sa pwesto ko.

Kinandong ni Pablo si Ave Maria na naglalaro ng kutsara.

Javier was looking at Danelle with love in his eyes. I felt like gouging his eyes out and throwing them out of the window.

Nagsimula na kaming kumain. Kumpleto kami. Si Dad ay masayang nagkukwento kay Mom at sa amin ng mga

operasyon niya noon. Saulo ko na iyon kaya hindi na ako nakikinig sa kanya. Namalayan ko na lang na natapos na ang kwento niya.

My attention shifted to Mom.

Binalingan kasi niya ako at nagsimula siyang tanungin ako. “Georgina, ilang taon ka na?” she asked.

“Thirty,” matipid na sagot ko.

“Oh, great. You’re getting married at the end of this year to a lovely man!”

I snorted. Paano mangyayari iyon, wala naman akong boyfriend. Napangisi lang ako. Nag-iilusyon na naman ang nanay ko.

“Hindi naman ako na-inform na magpapakasal na pala ako, Mommy. Sana naman sinabihan mo ako para na-invite ko ang friends ko,” sakay ko sa kalokohan niya. Tumingin ako sa mga magulang ko. Nakita kong nakatitig sa akin si Dad at nakangiti naman si Mom. Parang hindi nila ako pinagti-trip-an. I looked around the table.

Danelle seemed shocked. Si Marcus din, pati si Pablo. Si Javier ay umiinom ng tubig na parang walang pakialam.

“Huwag kang mag-alala, Georgina, bukas makikilala mo ang lalaking papakasalan mo,” sabi pa ni Mommy.

Noon ko naisip na seryoso ang mga magulang ko at hindi sila nagbibiro. I am really getting married in six months’ time.

“No way!” Umalma ako. “Mom!” I yelled at her. “I’ll have no more of your antics! Hindi ako magpapakasal, di ba? Hindi ako magpapakasal! Niloloko ninyo lang ako!”

“He’s a great man, George, or rather, I think he is. His mother sings her son’s praises whenever she talks about him! I am very excited about your meeting.”

Nanlaki ang mga mata ko. So my mom has set me up on a blind date with the man she wants me to marry? Ano ito, joke time? I am a full-grown woman and I know my priorities. Why is my mom making me do this? Ayoko! Hindi pwede. Hindi ako magpapakasal sa taong hindi ko kilala!

“Daddy!” I cried as I faced him.

“You’re not getting any younger. I’m sure your mom knows what she’s doing. So just be a doll and do as you’re told, all right? Now let’s eat dessert.”

“Oh, goodie! Nag-bake ako ng cheesecake!” Mom said happily.

I wanted to cry.



“Balita ko ikakasal ka na.”

“What?”

“Ikakasal ka na.”

“What?”

“Ikakasal ka na!”

“What?”

“Kuya, kahit sabihin mo ang salitang what sa lahat ng lenggwaheng alam mo hindi magbabago ang katotohanang ikakasal ka na.”

Naibaba ko ang teleponong hawak ko. Kung ano-ano na naman ang sinasabi ni Liwayway. Palagi kasing puyat ang



kapatid ko at hindi na masyadong nakakakain. Namamay at na siya kaya kung ano-ano'ng iniisip at sinasabi niya.

Paano ako ikakasal? Wala naman akong girlfriends. Marami lang akong kalandian pero wala akong siniseryoso sa kanila dahil para sa 'kin, wala nang ibang babaeng karapat-dapat seryosohin maliban kay Roma. Napapikit ako. Sinubukan kong bumalik muli sa pagtulog pero hindi na ako makaidlip. Nanatili sa isipan ko si Roma at ang masasaya naming alaala.

Tumayo na ako para maligo, nagbihis at umalis ng bahay.

I didn't want to dwell on our memories. I didn't want to remember the pain of losing her and our daughter.

Sumakay ako sa kotse ko at nagtungo sa bahay ni Azul. Tama ang naisip ko na naroon na rin sina Judas, David at Axel John. They were talking. Nagtatawanan. Sandali akong nakatayo sa gilid bago tumikhim.

“Nandito na ang pinakagwapong lalaki sa balat ng lupa!” I announced.

Tumingin sila sa akin.

Azul stared at me.

I looked away. Alam kong nakikita niya ang kalungkutan na pilit kong binabalewala.

“O, kumpleto na ang *Power Rangers!*” bati ni Leira sa amin.

Hinagkan ko siya sa pisngi bilang pagbati pagkatapos ay inakbayan si Azul. “I miss you, pare. Kilig bur!”

“Gago!” aniya sa akin.

Tumawa lang ako at nakiisa na sa kanila. Masaya ako

kapag kasama ko ang mga kaibigan ko. Sila na kasi ang itinuturing kong pamilya. Sila na ang itinuturing kong mga kapatid. Halos isang dekada na rin kasi akong hindi umuuwi sa pamilya ko. Nagkagalit kasi kami ng papa ako. Mula nang mamatay ang Kuya Giting ko ay hindi na kami nagkaayos ni Papa.

He blamed me for what happened to my brother. Hindi ko naman ginusto iyon. Namatay si Kuya sa hazing sa fraternity na sinalihan namin habang nasa kolehiyo. Sa fraternity na rin na iyon ko nakilala si Axel John na naging tulay para makakilala ko ang iba pang mga kaibigan ko ngayon.

My family didn't have an inkling about my real job. Hindi nila dapat malaman dahil kapag nalaman nila, lalo lang akong kamumuhian ni Papa.

“So ano'ng gagawin ninyo ngayon?” tanong ko pa. Minsan ay naiinggit ako sa mga kaibigan ko. Lahat kasi sila ay may purpose at may meaning ang buhay. Si Azul may Leira at may baby na. Babae ang anak ni Azul na pinangalanang Mari Olivia, Axel has Bernice Anne, David has Solomon and Judas has Arruba.

Ako, wala akong matatawag na purpose. Nandiyan si Liwayway pero hindi ko naman na siya responsibilidad ngayon. Naiinggit ako kapag naiisip ko na may naghihintay sa kanila sa kanilang pag-uwi samantalang ako, ang naghihintay sa akin ay isang malungkot na bahay, malamig na pader at bakanteng kama.

Halos hindi ko na nga maalala kung paano ba ang

pakiramdam ng masaya dahil nakalimutan ko na. Wala na akong naaalala na masayang alaala. My last memory of Roma was her in bed, lifeless.

Ipinilig ko ang aking ulo. Nakikinig ako sa mga kasama ko nang muling tumunog ang phone ko. Sinagot ko iyon nang makita ko ang pangalan ni Mama.

“Po?” nakalabing sagot ko. Tumayo ako at lumayo sa mga kaibigan. I miss my mom. I miss everything about her. Gusto ko ulit siyang makasama pero hindi pa rin ako umuuwi sa bahay dahil ayokong nakikita ang galit ni Papa sa akin.

“Thaddeus, umuwi ka dito mamaya, dito ka maghapunan,” sabi niya sa akin.

Napalabi ako lalo. Miss na miss ko na si Mama at minsan lang siya mag-aya ng hapunan kaya pumayag na rin ako. Baka sakaling magkausap na kami ni Papa at maayos na namin ang lahat. Although, there’s probably no chance that we can be like before.

Masaya kong ibinaba ang phone at bumalik sa sala kung nasaan ang mga kaibigan ko. Sa tuwa ko ay pinaghahalikan ko silang lahat. Pinakamatagal ang sa pisngi ni Azul. Nakasanayan ko na kasi siyang biruin ng ganoon. Binabalewala lang niya, alam naman niyang mahal ko lang talaga siya bilang kapatid at kaibigan.

“Tang-ina, Ido, sana man lang nag-toothbrush ka!” reklamo ni KD sa akin.

Ngumisi lang ako.

“Swerte talaga ang pata ni Leira sa akin. Biruin ninyo,

tumawag si Mama at niyaya ako sa bahay! Hindi muna ako dito kakain, ha, Azul?” Gabi-gabi akong doon naghahapunan sa kanila. Minsan ay sinasamahan ko si Judas, minsan naman ay umuwi ako sa bahay ng mga magulang ni Leira at doon kumakain. Madalas kong drinking buddy si Mr. Martin Sarmiento, ang tatay ni Leira. Iisa kasi ang opinyon namin sa maraming bagay.

Excited na excited na ako sa muling pag-uwi sa bahay namin. Sa sobrang katuwaan ay bumili pa ako ng cake at ice cream para kay Mama. Bumili rin ako ng alak para kay Papa. Napadaan ako sa flower shop, namili rin ako ng bulaklak para sa mga magulang ko. Alas cinco nang hapon nang makarating ako sa bahay.

Natutuwa talaga ako tuwing uwi, kasi naaalala ko ang buhay na mayroon ako noon: tahimik, kuntento at may laman. Sa ngayon kasi, kahit halos nasa akin na ang lahat, walang laman ang buhay ko. I don't have someone with me, I don't have someone to share my life with at sa tingin ko hindi na ako magkakaroon ng someone na iyon.

“Ma!” sigaw ko nang makapasok sa loob ng bahay. Bumungad sa akin ang family picture namin noong medyo bata pa ako. Kasama pa namin doon si Kuya Giting. Katabi niya ako at si Papa sa picture, habang si Liwayway ay kaakbay ni Mama. Those were the days...

“Ido? And'yan ka na? Hindi ko pa tapos lutuin ang paborito mo...”

Pinuntahan ko si Mama sa kusina pagkatapos ay hinalikan. Ibinigay ko sa kanya ang rosas na binili ko. Iniabot

ko naman sa isang kasambahay ang cake at ang ice cream.

“Miss you, Ma. Nasaan si Papa?” tanong ko.

“Ah, nasa office niya. Kasama ang mga pamangkin mo. Puntahan mo, dali.” Pabiro niya akong itinaboy. Hinanap ko si Liway. Ang sabi ni Mama ay iniwan ni Liway ang mga bata dahil may gagawin ito pero hahabol daw sa hapunan ang kapatid ko.

Umakyat ako papunta sa home office ni Papa. Pumasok ako roon at nakita ko sina Andromeda, Orion at Cassiopeia na nakikipaglaro sa kanya. Tumayo lang ako at saka siya tinawag.

Tiningnan niya ako.

“Hi, Pa.” Lumapit ako at nagmano sa kanya.

He smiled a bit. “Buti at nagpunta ka, akala ko hindi mo kami sisiputin.”

Napakamot ako sa ulo. Minsan talagang sinasadya kong hindi magpunta sa kanila lalo na kapag kagagaling ko sa misyon at pakiramdam ko ay may sumusunod sa akin. Ayoko nang maulit ang nangyari noon sa mag-ina ko.

I sighed.

No one in my family knew about what happened to me back then. Hindi nakilala ni Mama si Roma. Si Liway, ang alam niya ay girlfriend ko pa lamang si Roma. Hindi rin alam ni Liwayway na nagkaroon siya ng pamangkin sa akin. Walang nakakaalam sa pamilya ko dahil ayokong magtanong sila at baka masabi ko kung ano ang tunay kong trabaho. Ayokong madamay sila sa mga nangyari sa akin o sa buhay ko.

They deserve a happy life. I will only put them in danger if I tell them about my profession.

“Hindi, Pa. Busy lang talaga ako sa resort,” sabi ko sa kanya. Nagpakarga sa akin si Cassiopeia at saka nagkakawag.

“Tatay Ido, pangit. Sampal!” Sinampal nga niya ako.

Ewan ko ba sa pamangkin kong ito. Masyadong brutal makipaglaro. Napangiti ako. If my daughter was alive, she'd have been seven years old next week.

I could imagine Roma and I setting up a nice party for Amarah. Boys would shower her with gifts.

I sighed.

“Agui, Ido, kakain na tayo. Nandito na si Liwayway,” tawag ni Mama.

Nagtinginan sina Orion at Andromeda.

“Si Mama! Halika, dali! Unahan!” sabi ni Andromeda.

Nagtakbuhan sila. Ako ay sumunod na sa mga bata habang karga pa rin si Cassiopeia. Nagpahuli si Papa pero magkapanabay kami pababa ng hagdanan. Nang lumingon ako, nakita kong nakangiti siya kay Cassiopeia na inaabot naman siya.

Ako naman ay naninimbang. Kakausapin ko ba siya? Gusto ko na maging maayos kami. Naalala ko ang sinabi noon ni Roma sa akin. Sa ayaw at sa gusto ko, kailangan ko raw ayusin itong hinanakit ko kay Papa dahil magulang ko siya.

Roma wanted me to have a harmonious relationship with my family, especially with my father. Gusto ko rin iyon. Ang problema ay kung paano.

Liway kissed me as she greeted me. Kinuha niya ang maliit niyang anak, pagkatapos ay binalingan ako.

“Kuya naman! Bakit mo ibinaba ang phone kanina?”

“Paano, gutom ka na naman, kung ano-ano’ng sinasabi mo!” natatawang sabi ko.

“Hindi ako gutom! Totoo sinasabi ko! Ma, Ma! Hindi mo pa ba nasasabi kay Kuya na naihanap mo siya ng mapapangasawa?”

Parang nahilo ako sa narinig ko. Ano ba ang sinasabi niya? Naupo si Mama sa tabi ni Papa at saka tumingin sa akin.

“Madaldal ka talaga, Liwayway.” Mama rolled her eyes. “Pero, oo, Ido. May nakilala akong babae sa simbahan noong nakaraang linggo. Tulad ko ay gusto na rin niyang mag-asawa ang anak niyang babae kaya naisip kong ipakilala ka sa anak niya at napagkasunduan namin na bago matapos ang taong ito ay magpapakasal kayo.”

My eyes widened. Liway clapped. Papa nodded. Mukhang lahat sila ay payag sa magaganap na pagpapakasal na ngayon ko lang nalaman.

“Ma!” Napalakas ang boses ko. “Ano ka, miyembro ng pabebe girls? Hindi ka na rin mapipigilan? Pinapunta ninyo ako dito para lang sabihin na magpapakasal ako sa babaeng ni hindi ko kilala? Mama! Hindi ko ibibigay ang virginity ko sa isang estranghero!”

“Magtigil ka diyan, Thaddeus Victorious!” sigaw ni Mama sa akin. “Thirty-four ka na! Hindi ka na bumabata! Gusto ko namang makita kang mag-settle down. Gusto

kong makita kang masaya. Gusto ko ng apo!”

“Si Liway, baboy kung mag-anak, Ma!” sabi ko pa. Sinapak ako ni Liway!

“Thirty na lang ang baywang ko! I hate you!”

“Ma! Ayoko!”

“Dapat ka nang mag-asawa, Ido,” sabat ni Papa.

I just looked at my parents and at my sister. They all have that look on their face—the look of hope and love—something that I used to see in Roma’s eyes.

Huminga na lang ako nang malalim. “Fine, then. Pero kapag ayaw niya sa akin, makakalaya na ako ha! Deal iyan, Ma, Pa, Baboy—este, Liway.”



“I have to do surgery in thirty minutes. I-cancel mo na ang dinner date, Mom.” Nakangisi ako habang nakikipag-usap sa phone, sa nanay ko. Hindi nila ako maiisahan. Hindi ako makikipagkita sa lalaking sinasabi ni Mommy sa akin.

Ayokong mag-asawa ngayon. Ayokong mag-settle down kasama ng lalaking pinili ng mga magulang ko para sa akin. Kung mag-aasawa ako, gusto ko iyong magugustuhan ko, iyong ako iyong pipili at hindi sila. Gusto ko iyong normal na love story at walang pakikialam ng magulang.

“Your father checked, Georgina. Wala kang naka-sched na surgery today. You’d better get dressed and go to that dinner date. Kailangan ka doon.” Tinapos na niya ang tawag.

Ako naman ay napamura. “Pusang gala!” Wala talaga akong kawala sa parents ko. Si Mommy, masyadong paranoid. Si Daddy naman under at takot na makialam. Palagi na lang



niyang sinasabi na tama si Mommy kaya I should trust her judgment and obey her. Pero sa pagkakataong ito, hindi ko siya basta susundin. I want to live my own life!

Wala akong nagawa kundi ang mag-ayos. I wore a green knee-length lace dress. Hinayaan kong nakalugay ang buhok kong hanggang balikat. I made a mental note to get a haircut next week. Masyado nang mahaba ang buhok ko.

Sumakay ako sa red *Volvo* ko at nagmaneho papunta sa restaurant kung saan ako makikipagkita sa lalaking iyon. Hindi naman ako mahihirapang hanapin siya dahil pupunta rin sa restaurant si Mommy at kasama siya sa pagpapakilala sa amin. Alam kong kasama rin ng lalaki ang mama niya. Ngayon pa lang, iniisip ko nang siya ay mama's boy. I hate guys like that.

Nang pumasok ako sa restaurant ay agad kong nakita ang mama ko na nagtitingin sa menu. Nilapitan ko siya at napangiti siya nang makita ang suot ko.

“Ang ganda mo, anak. Excited na ako magkaapo! Halika, naghihintay na sila doon,” sabi niya sa akin.

Sumunod na lang ako. Mom led me to the VIP room. Ang una kong nakita ay isang middle-aged woman. Napansin ko agad ang wrinkles niya sa noo.

Is she gonna be my mother-in-law? Kailangan niya ng treatment para sa wrinkles niya. Sina Mom and Dad, I give them regular skin treatments kaya hanggang ngayon hindi pa rin halata ang kanilang mga kulubot.

Pumasok ako.

“Grace! Kumusta?” Mom greeted her friend.

Tumuloy na ako at naupo. I am confident as f\*ck. Napatingin ako sa kabilang side ng dining table. Saglit na nag-process ang brain cells ko. Pamilyar kasi ang lalaking ito sa akin.

My mouth parted when my brain recalled that particular memory, It happened last year.

*“Patahimikin na iyan. Barilin ninyo...”*

*“Hindi naman ako magsasalita!”*

*“Barilin iyan, Axel John!”*

*“Huwag!”*

Nang makilala ko siya ay literal na nalaglag ako sa upuan. Siya ang lalaking iyon! Iyong lalaking pumasok sa clinic ko noon, duguan at halos wala nang malay.

“Georgina, ano ka ba naman?” Inalalayan ako ni Mommy paupo sa silya.

The man in front of me grinned. “Don’t worry, ma’am. I have that effect on women. They usually fall when they see me. They fall straight to my bed...” His voice was husky.

“Ay! Maganda ’yan nang magkaapo na kami!” tili ng mommy ko.

I just rolled my eyes.

## KABANATA 2

↗ just can't believe this. I can't believe that my mom is doing this to me. Hindi niya ba kilala ang lalaking ito? I know for a fact that he is a criminal! The way his companions treated me that moment—akala ko talaga papatayin nila ako. Hindi ako makapaniwala.

Why is Mom doing this to me? Hindi naman ako masamang anak. I may be a bitch pero habang lumalaki ako ay sinusunod ko sila. Bakit sa akin nangyayari ito?

The man—I don't know his name—in front of me surely likes eating a lot. Halos maubos na niya ang buttered chicken sa harapan namin.

I hate him. Iyong buhok niya, rugged. Ayoko sa lalaking rugged. Ayoko rin sa lalaking may facial hair. Ayoko sa lalaking mahilig sa white shirt na halos fit na sa kanya. Nagpabongga ako ng damit pagkatapos siya ganoon lang ang suot? Parang nasa bahay lang siya? I rolled my eyes again

“Thaddeus, introduce yourself,” utos ng nanay niya.

Uminom ako ng tubig at nag-iwas ng tingin.

The man whose name was Thaddeus spoke.

“Hi. My name is Thaddeus Victorious Emilio at hindi ako mataba!” Hinampas siya ng nanay niya.

I hate his voice!

I blew out a sigh. Ano ba talaga'ng ginagawa ko dito? Bakit ba ako pumayag sa ganito? Pwede ko namang i-bitch mode ang nanay ko para wala sana ako dito ngayon, pero nandito ako kaya naiinis ako sa sarili ko.

Nakikipagkwentuhan si Thaddeus sa nanay niya at sa mommy ko. Mukha namang mabait ang nanay niya. Hindi ko lang talaga gusto ang mukha ng lalaking ito. Masyadong malakas ang dating niya at nandidiri ako. I don't like him.

"Mom, restroom lang ako." Tumayo ako pagkatapos ay lumabas sa VIP room. Kailangan kong makahinga. Hindi ko pa nga lubusang nakikilala ang lalaking iyon ay nasasakal na ako sa kanya.

I hate him.

Pumasok ako sa restroom at tumayo sa harapan ng salamin.

"Maganda naman ako, bata pa ako at hindi pa ako malapit mag-menopause, pero bakit ginagawa sa akin ito ng mga magulang ko? I can find someone else. I hate that guy. Kailangan kong sabihin kay Mommy kung ano siya." Inis na inis ako. Akmang lalabas ako ng restroom nang bumukas ang pinto at pumasok si Thaddeus. Nanlaki ang mga mata ko.

Ini-lock niya ang pinto.

Matangkad pala ang gago. His body is so... well... bakat sa shirt niya. I hate it.

"Ano'ng ginagawa mo dito?" sigaw ko sa kanya. "This is the women's bathroom! You can't be in here!"

“Bakit? Nabili mo ba itong restroom? Bakit nga kaya restroom, wala namang kama dito? Gusto mo mag-sex tayo dito? Tatal, magpapakasal naman tayo!”

Nanlaki ang mga mata ko. Sa gulat ko sa sinabi niya ay sinampal ko siya—mag-asawang sampal. How dare he ask me that? Ang kapal ng mukha niya talaga! Kakikilala pa lang namin pagkatapos aayain na niya akong mag-sex! Wala pang nakakagawa n'on sa akin!

Actually, wala pang lalaking dumadaan sa buhay ko.

I am a virgin and I am also embarrassed by that fact. Thirty na ako pero hindi pa ako nakakatikim. Kailangan ko na ngang makatikim pero hindi ko naman kaya.

I had chickened out every time I tried to do a one-night stand. Hindi ko alam kung bakit hindi ko kaya. Para bang natatakot ako.

Nanlaki ang mga mata ko nang hapitin ako ni Thaddeus at pinuntirya niya ang bibig ko. Hindi naman iyon ang first kiss ko. May mga naging boyfriend naman ako pero bakit pakiramdam ko first ko ngayon? Pinili ko siyang itulak bago pa man ako madarang sa ginagawa niya. But he's just too strong.

Isinandal niya ako sa pader pagkatapos ay ni-massage niya ang boobs ko. Sa lahat ng ginagawa niya ay nanlalaki lang ang mga mata ko.

“P\*tang-ina, ang sarap mo, ha!” Lumayo siya sa akin. Pinagsasampal ko siya.

“Ang kapal ng mukha mo! This is rape!”

“Oo, kung... totoong ayaw mo! But you’ve seen me. I know you want this, too, ang gwapo ko kaya!”

Napamaang ako nang itaas niya ang T-shirt niya para ipakita sa akin ang abs niya. He had a six pack abs and a very noticeable V-line. I looked away.

Kahit na parang ni-sculpt ang katawan niya ay wala akong pakialam. Itinulak ko siya. May ngisi sa mukha niya nang lagpasan ko siya. Binuksan ko ang pinto at doon nakita ko kung gaano kahaba ang pila sa restroom ng girls. Nakita rin iyon ni Thaddeus. Hinawakan niya ang kamay ko at bumaling sa mga tao.

“Sorry, girls, she just couldn’t wait ’till we got home.” Kumindat pa siya sa mga nasa labas.

Pulampula naman ang mukha ko. Itinulak ko siya at bumalik ako sa VIP room. Inis na inis ako.

How could he humiliate me like that? Ang conceited pa ng lalaking napunta sa akin. Inis na inis ako.

“O, Georgina, bakit ganyan ang hitsura mo?” tanong ni Mommy sa akin nang makabalik ako sa VIP room.

I pouted. Ibubuka ko na ang bibig ko para magsumbong sa kanya pero hindi ko nagawa dahil pumasok na si Thaddeus at pa-slide na yumakap sa nanay niya sabay sabing, “Ma! Ma! Mama! Na-virgin na ako ng babaeng iyan! Wala na akong dignidad! Ma! Ma! Mama!”

“Oh, my gad!” I shrieked. “And you want me to marry this guy? Mommy, why?” Nararamdaman ko na ang pag-iinit ng gilid ng mga mata ko. Gusto kong umiyak. I know I

am a bitch but I don't deserve this guy!



“Kasal?”

Gabi na nang umuwi ako noon. Hindi ko na nga alam kung anong oras natapos ang torture ni Mama sa akin. Hindi ko alam kung bakit niya ginagawa ito. Napakababaw naman kung ang dahilan lang niya ay ang kagustuhan niyang maging masaya ako. I can be happy on my own terms.

Tulad ngayon, masaya akong kaharap ko si Azul habang nasa puntod kami ng mag-ina ko. Hiniram ko muna siya kay Leira.

Hindi ko alam kung naikwento na ni Azul sa asawa niya ang nangyari sa buhay ko. Wala naman kasing dapat itago. I consider Leira as one of my best friends dahil asawa na siya ng isa sa mga pinakamatalik kong kaibigan.

“Sinabi mo na ba kay Nanay Grace ang tungkol sa kanila?” tanong na naman niya. Ang tinutukoy niya ay sina Roma at Amarah.

I just sighed.

“Hayaan mo na ito sa akin. Pakiramdam ko kapag sinabi ko sa iba, mawawala ang kaunting katotohanang minsan naging masaya ang buhay ko,” sabi ko kay Azul.

Sabay kaming huminga nang malalim. “Nayayamot pa ako sa kapatid ko. Alam mo ba, p're, nag-usap kami kanina. Makikipagkita daw siya sa San Vicente d'un sa hinayupak na p\*tang-inang gagong nanloko sa kanya, para makipag-usap sa anak ng p\*tang-inang gagong Romano San Vicente

na iyon!

“Sabi ko sa ’yo, noong nanggugulo siya sa pamilya ng tatay mo, dapat ipinabaril mo na sa akin iyong p\*tang-inang gagong sira-ulo na iyon!” Tinungga ko ang alak na nasa bote. “Si Liwayway, mana rin sa nanay ko, eh. P\*ta, parehong pabebe, hindi mapipigilan sa mga plano nila sa buhay. Sometimes, I feel like they don’t need me anymore.”

“Hindi totoo iyan,” sabi ni Azul. “Nandito ako, kailangan kita.”

Tumingin ako sa kaibigan ko at inilapit ang mukha ko sa kanya. Pinapungay ko ang mga mata ko at nang ga-dangkal na lang ang layo namin sa isa’t isa ay hinampas niya ang bibig ko.

“Sira-ulo kang p\*tang-ina ka!” sigaw niya sa akin.

Natawa naman ako. Nagbukas pa ako ng dalawang bote ng *Red Horse Stallion* para sa aming dalawa.

Uminom ako sa isa at tumingin sa puntod ni Roma. Hinaplos ko iyon na para bang hanggang ngayon ay nararamdaman niya ako at kasama ko siya. Minsan nilulunod ko ang sarili ko sa pag-alala sa kanya, sa masasayang alaala naming dalawa.

I remember our first date, our first kiss, our first dance and our first night together. Ni-beast mode ko agad dahil gusto ko nang magkaanak. Gusto ko ng pamilya...

Natupad naman...

Hindi nga lang nagtagal.

“Siguro, Simoun, kung nabuhay si Amarah, spoiled na



siya hindi lang sa akin kundi sa inyo.”

Hanggang ngayon ay napakasakit sa akin ng nangyari. Sometimes, I would stay awake at night and cry about it. Alam ni Azul ang sakit na pinagdaraan ko. Kaya nga kami nagkasundo dahil parehas kaming nawalan noon.

“Ano’ng balak mo sa kasal? T\*ng-ina mo, hindi na tayo makatapos sa usapan.”

“Wala. Gagawin ko ang lahat ’wag lang matuloy iyon. Ayokong magpakasal. Wala na akong ibang babaeng seseryosohin kundi si Roma lang. Si Roma lang ang mahal ko at wala na akong ibang mamahalin kundi siya lang.”

“I know that. I do, but I’m sure Roma also wants you to be happy.”

“Oo nga. Masaya naman akong naghihintay sa pagkikita naming muli. Alam ko, hindi man sa ngayon pero malapit na.” I looked at Azul. “All right? Rock and roll to the world! *Kanpai!*”



“I’m serious! Criminal siya, Mommy.” Lakad ako nang lakad habang sinasabi ang nangyari sa akin almost a year ago. Hindi kasi talaga ako papayag na ipakasal niya ako sa lalaking iyon. Ayokong mabahiran ng krimen ang pangalang iniingatan ko. Isa pa, ayoko sa jologs na may lickable abs!

I hate the guy! Sobra akong napahiya kagabi. Oo, choosy ako. Ayoko sa kanya!

“Ano ba’ng sinasabi mo, Georgina? Hindi siya ganoon. Sabi ni Grace, si Ido ay isang negosyante. May resort siya sa

Batangas, may shares siya sa Balesin—marami siyang ari-arian. Maganda na iyon, sigurado ka sa kinabukasan mo.”

I made a face. Hindi pa ba sapat na kumikita ako ng malaking pera? Hindi lang naman simpleng mamamayan ng Pilipinas ang mga kliyente ko. Marami akong kliyente na mga kilalang artista, model at politiko. Sobra-sobra ang ipon ko. Established na ako at hindi ko talaga kailangan ng ganito sa buhay ko. I sighed.

“Mom! Maniwala ka naman sa akin. Thaddeus is a bad man.”

“I want to believe you, hija, but where’s your proof?”

Hindi naman ako makasagot. Wala nga akong proof. Hindi ko naman kasi mapagsasalita ang mga kakilala niya. Kaibigan niya iyon, ako pa rin ang lugi. Hindi na lang ako kumibo. Umalis ako sa silid ni Mommy at nagtungo sa silid ko.

Habang pababa ako sa hagdanan ay nakita kong papasok naman ng bahay si Danelle kasama si Ave Maria. I smirked at my sister.

“Ano’ng ipapangalan mo sa next baby ninyo?” patuyang tanong ko. Ang totoo, ipinapakita ko lang kay Dandan na ayoko sa kanya, but I miss her. Nami-miss ko na iyong presence niya sa bahay na ito. Hindi siguro alam ni Ate pero natutuwa ako noon kapag tinatanong niya kung kumusta ang araw ko o kung kumain na ba ako.

“Babae pa rin kasi kaya sabi ni Javie, Dyosa Santa.”

I stared at her. “Your husband is really a frustrated priest.”

Ngumiti lang si Danelle sa akin. “Lika na, Ave, puntahan natin si Mama Dan,” sabi niya sa pamangkin ko.

“A-Ate...” tawag ko. Lumingon naman siya sa akin. “Can we talk?”

Binalingan niya si Ave. “Akyat ka kay Lola, ha. Huwag kang tatakbo. Yaya!” tawag niya sa kasambahay na agad lumapit. “Pakisamahan si Ave.”

Gumaan ang loob ko nang hawakan ni Ate ang kamay ko at naupo kami sa sala. Nakangiti siya sa akin. I know she must be feeling important. She is really important to me. Hindi ko lang talaga ipinahahalata. I have trouble telling and showing people my feelings. Sabi sa akin ni Pablo, matigas daw ako. Para raw akong itlog, matigas sa labas pero napakalambot sa loob. I let people see my hardness but not my softness. He’s right.

“I hate the guy mom picked. He’s a criminal!” reklamo ko.

Sinabi ko kay Danelle ang lahat. Nakakunot lang ang noo niya pero hindi naman siya nagsasalita. Nakikinig lang siya sa akin. Hindi naman ako tumigil sa pagsasalita. Nang matapos ako ay kunot na kunot na ang noo niya.

“Ginamot mo siya? Hindi siya nagising noon? And then his friends tried to kill you?” Biglang tumawa si Danelle. “Alam mo, George, you have to tell mom a more convincing story than that! Para kang bata!”

Namula ang mukha ko. Sinampal ko si Danelle.

“I hate you!”

## KABANATA 3



“Ma, wala ako sa Pilipinas. Sabihin ninyo diyan sa doctor na patay na patay sa akin, hindi niya muna makikita ang kagwapuhan ko at hindi niya muna mararamdaman ang hotness ko dahil busy ako.” Nakanguso ako habang nagsasalita.

Wala naman ako sa ibang bansa. Nasa resort ko ako sa Batangas at nagpapahinga. Kailangan ko lang makalayo sa lahat ng stress sa buhay ko ngayon. I need to breathe. At hindi ko magagawa iyon kapag palaging nasa paligid ko ang nanay ko. Wala siyang ginawa kundi ang mag-set nang mag-set ng date para sa amin ni Georgina Varess na hindi ko naman gusto.

Hindi ko siya gusto in the sense na kailangang pakasalan ko siya. Gusto ko siyang maikama. Masarap siya, para siyang sinigang. Hindi ko makakalimutan ang lasa ng mga labi niya, lasang sampaloc. Maasim na manamis-namis. Para sa akin ang mga babaeng natitikman ko ay may kanya-kanyang putahe. May sarili silang lasa—parang ulam. May kanya-kanyang unique na pampagana. Si Roma, siya ang pinakamasarap sa lahat. Siya ang sinigang ko na habang tumatagal ay lalong sumasarap.

Si Georgina, kakaiba rin ang lasa niya. Malapit na siya sa pagiging paksiw na isda. Maasim. Kumakagat ang asim niya.

Feisty and fierce. Kabaligtaran ng gusto ko sa buhay, pero sakto ng babaeng gusto kong ikama.

Napailing na lang ako. Alam kong matatawa na naman ang mga kaibigan ko kapag nalaman nila kung ano ang iniisip ko. Sasabihin nila na puro libog lang ako. Sa ngayon kasi ay iyon lang talaga ang kulang sa buhay ko. Hindi naman ako naghahanap ng relasyong pangmatagalan. I just need someone to get me through the night. Iyong makakasama ko hanggang sa makatulog ako. Ayoko naman kasing mag-isa.

Sa gabi, sa halip na makatulog ako ay naiisip ko ang mga pwedeng nangyari sana kung hindi ako umalis ng bahay nang umagang iyon.

Siguro buhay pa sila at siguro may kapatid na si Amarah. Siguro kung naroon ako at dumating ang gumawa n'on sa kanila ay napatay ko ang mga iyon at nabuhay ang mag-ina ko. Paminsan-minsan ay naiisip ko si Roma.

Madalas akong magising sa gitna ng gabi na tila ba nararamdaman ko pa ang yakap niya mula sa likod ko, pero alam kong panaginip lang ang lahat ng iyon. Hindi naman na siya babalik, hindi ko na siya makakasama. Inaalagaan ko ang sarili ko para magtagal ang buhay ko, para matagal kong isipin ang mga what ifs ng buhay ko. Kung ang ibang tao ay ayaw isipin iyon, ako gusto ko. Iyon kasi ang tanging paraan para makasama ko ang mag-ina ko.

Tumayo ako at pumasok sa bahay ko na nasa gitna ng resort. I went straight to my bed. Matutulog na ako nang makatanggap ako ng tawag mula kay Liwayway.

“Bakit, Butchog?” tanong ko na nakakunot ang noo.

“Kuya, alam kong wala ka sa ibang bansa. You have to get to the hospital. Inatake si Mama sa puso!” frantic na sigaw niya sa akin.

Napatayo ako agad at hindi na sumagot. Sing-bilis ng kidlat na tumakbo ako sa kotse ko.

Ramdam na ramdam ko sa dibdib ko ang kaba at ang pagtibok ng puso ko. Hindi nga ako makapaniwala kung gaano kabilis kong tinawid ang may animnapung milya mula Batangas hanggang *Varess Medical City*.

Tinawagan ko si Liwayway at tinanong siya kung nasaan sila.

Umakyat ako sa fourth floor at pinuntahan si Mama. Pagpasok ko sa hospital room niya ay nakita ko si Liwayway, sina Papa at Mama, si Mrs. Varess, at si Georgina, ang babaeng patay na patay sa akin.

“Ma? Ma? Mama!” Dinaluhan ko siya na nakapikit pa. Hawak ni Papa ang kamay niya, nakalapat sa tapat ng puso niya. Hindi ako mapakali. Ayoko sa nararamdaman ko. Ayokong mawalan muli. Ayokong maramdaman ang kalungkutang naramdaman ko nang mawala ang mag-ina ko.

“Ma...” tawag ko. Dumilat siya at tiningnan ang lahat.

Napaluha siya nang makita ako. “Ido... kapag hindi mo pinakasalan si Georgina, mamamatay ako. May cancer ako, stage five,” umiiyak na sabi niya.

I made a face. “Ma, mahal kita pero hanggang stage 4

lang ang cancer. Ma, 'wag kang adik.”

Lalo siyang napahagulgol.

Tumingin ako sa paligid. Nakita kong iiling-iling ang babaeng iyon habang nakatingin sa amin. She walked away.

Sinundan ko naman siya. Ngayon ko lang nalaman na dito rin siya nagtatrabaho—na may kinalaman pala siya sa mga Varess.

Habang naglalakad palayo ay naririnig ko si Mama.

“Napakatigas ng ulo ng anak mo, Aguinaldo. Manangmana sa 'yo. Kaya rin hindi kayo magkasundo ay dahil parehas kayo ng ugali.” Sinabayan niya iyon ng iyak.

Umiiling na lumabas ako ng silid na iyon. Hinanap ko ang doctor na iyon. Nakita ko siya sa hallway. Tumakbo ako at nang makalapit ay saka hinablot ang braso niya. Iniharap ko siya sa akin.

“Get your filthy hands off me!”

Agad niya akong tinulak pero mas mabilis ako. Hinapit ko siya sa baywang at inilapit ang katawan niya sa akin.

The woman had pink lips. Hindi lipstick iyon, her lips were naturally pink and I grinned because of that. Wala rin siyang buhok sa ilong—trimmed. Kaunti na lang makikita ko na ang utak niya.

“Ano ba? Bitiwan mo ako! Kriminal ka!” sigaw niya.

Binitiwan ko siya. I was caught off-guard. How the f\*ck does she know that? Tiningnan ko siya. Muli ko siyang hinatak. Dinala ko siya sa rooftop ng building.

“Bitiwan mo ako! Ano ba? Stop it! Ayoko sa 'yo—ahhhh!”

Natigilan siya nang makitang nakapuwesto kami sa pinakadage ng building na iyon. Mula sa kinatatayuan namin ay kitang-kita na ang lahat. Napayakap siya sa akin.

“Kapag inihulog kita dito, patay ka. Kakalat ang dugo at ang utak mo sa lupa, pagpipiyestahan ka ng mga tao. But you know what, Doc? Death from falling may be the best feeling ever. Imagine the feeling of the wind streaming past your face and blowing through your hair. Your life would flash before your eyes. There’d be that sinking feeling in your stomach, the pounding of your heart...” Kitang-kita kong tulala na siya at namumutla. Pati mga labi niyang pink ay halos wala na ring kulay. Nakikita ko na ang luha sa kanyang mga mata.

“P-pleasee... n-noooo, please...” Mahina. Pahina nang pahina ang boses niya. Umurong ako. Pinakawalan ko siya. Hindi naman ako nag-aalala na tatakbo siya dahil alam kong nanginginig ang mga tuhod niya.

Napaupo siya. Lumapit ako sa kanya at tumalungko sa tapat niya.

She was crying.

“Wala ka pala. Akala ko ba bitch ka?”

“Ano ba’ng gusto mo?” tanong niya na pilit pinatataas ang boses.

Napangisi ako. “Ipinararating ko lang sa ’yo na kung paninindigan ng mga nanay natin ang bagay na ito, ako ang masusunod at hindi ikaw. I call the shots here. You will be my submissive.” Hinaplos ko ang mukha niya. “Iyon ay kung



matutuloy ito, pero kung hindi naman, you're free to go. Pero sinasabi ko sa 'yo, titikman muna kita. Nagkakaintindihan tayo?"

Umawang ang mga labi niya.

I wanted to kiss her pero ayokong halikan ang mga labi niyang namumutla. Nginisian ko lang siya at iniwan doon.

Bumalik ako sa kwarto ni Mama. Nakita kong lumapit sa akin si Papa at hinatak ako palabas.

"Ano po'ng atin, Papa?" tanong ko.

He faced me. "Thaddeus, let's have a deal. Marry the girl and I will give you everything you want."

Seryoso si Papa. Alam kong may dapat akong sabihin pero hindi ko alam kung ano, kaya nauwi na lang ako sa...

"Weh? Di nga, Agui?"



Maaga akong umuwi nang araw na iyon. Hanggang ngayon ay nanginginig pa rin ang mga kalamnan ko sa ginawa sa akin ng lalaking iyon. Hindi ako makapaniwala. Akala ko ay itutulak niya ako at tuluyan na akong mamamatay at hindi ko na makikita ang pamilya ko. Daig ko pa yata ang ginahasa. Daig ko pa ang minolestya. Hanggang ngayon ay nararamdaman ko pa rin ang takot na baka bigla niya akong puntahan dito sa bahay at ibalik sa building na iyon at ihulog na talaga.

Dumapa ako sa kama at umiyak nang umiyak. Hindi ko kaya ito. I know that I am a bad person. Hindi ako mabuting anak o kapatid. I am a spoiled bitch. Pero hindi ko naman

kasi sinasadya iyon. Ayoko lang ipakita na mahina ako o na sila ang palaging panalo. Gusto ko ako ang may say sa lahat.

Gusto ko ako ang palaging tama!

“Oh, my god...” Napatayo ako nang pumasok si Mommy sa silid ko.

Kunot na kunot ang noo niya. Sa unang pagkakataon sa buhay ko ay tumakbo ako kay Mommy at umiyak nang umiyak sa kanya. Magkakaroon na yata ako ng panic attack.

“Ma! Ayokong magpakasal sa kanya! He’s a bad man. Ma, please. Magpapakabait na ako, Mommy, hindi na ako magbi-bitch. Please, ayoko doon! Gagawin ko ang lahat ’wag mo lang akong ipakasal doon!” Iyak-bata ako. Tulo ang uhog ko, lahat pati laway, sa takot ko sa lalaking iyon.

Mahigpit ang yakap ko kay Mommy. I hate the guy. I hate him. He will make me suffer if I marry him. I hate him!

“Kumalma ka, Georgina,” sabi niya sa akin. Itinulak niya ako nang bahagya at tumingin siya sa akin. “Anak, you may hate me for this but a promise is a promise. Gusto kitang makitang masaya. Hindi lang iilang beses kong ipinagdasal na makahanap ka ng lalaking mag-aalaga sa ’yo. Hindi na kami bumabata ng daddy mo. Gusto namin na may mag-aalaga sa ’yo. Your father thinks that Ido is a good man.”

“Iyon nga, Mommy! He is not a good man! Hindi siya mabait! He is a criminal!”

“Hush now, hija. Huwag kang mambintang,” nakangiting sabi niya. “Ganito na lang, papayagan kitang hindi magpakasal sa kanya, kung mapapatunayan mo sa akin

na siya ay masamang tao. I need proof, George, hindi basta ang salita mo. I want you to be happy. Deal?”

Lumuha lang ako. Hindi ko naman kayang humindi. Naisip ko kasi na baka si Thaddeus na ang karma ko kaya sisimulan ko nang maging mabait.



“Ano bang kasal ang sinasabi ni Azul?”

Kasalukuyan kaming nag-iinom ng mga barkada ko. Si Axel John ay walang ginawa kundi ibida ang nalalapit niyang kasal kay Bernice Anne na kulay pula at puti ang motif. Ano pa ba’ng bago? Nahilig yata kasi kami sa colored shirt na katulad sa *Power Rangers* kaya nga iyon na ang tinawag sa amin ng asawa ni Azul.

Napailing ako. Speaking of Azul, nasabi na niya sa iba naming kaibigan ang problema ko. Huminga ako nang malalim.

“Si Mama, gusto niya akong magpakasal kay Georgina Varess,” klaro ko habang tumutungga. Nakita kong nagkatinginan sina Azul, King David at Axel John. Nagtatakang napatingin din ako sa kanila. May problema kaya?

The way that they looked at each other told me that something was wrong.

They know something I don’t.

“Ano’ng meron? Judas! Judas!” Tinawag ko si Judas na natutulog na sa kotse niya. Bumangon siya at tumingin sa amin. “Sino si Georgina Varess?”

“Kapatid n’ung Danelle Varess na dinadalhan ko dati ng drugs.” Humikab siya. “Minsan nga ni-contact rin ako n’on. She was asking for some E. Hindi ko na alam kung ano’ng nangyari noon but every two weeks we would meet.”

Napaawang ang mga labi ko. “Kailan iyon?”

Nagkibit-balikat si Judas. “Two, three—”

“Years?”

“Months ago. If I remember correctly, tumawag siya sa akin noon pagkahatid ko kay Arru sa airport.”

Napaisip ako. Drug addict si Georgina? Pero hindi halata sa kanya. Alam ko ang hilatsa ng mga taong lulong sa droga. Judas used to be one, but he’s been sober for almost nine years. Nagbebenta na lang siya ngayon.

“And she also operated on you when you got shot about a year ago.”

Napatingin ako kay KD. He was smiling.

“Also, we tried to kill her,” Azul confessed.

“Pero hindi naman itinuloy kasi naawa kami sa kanya kaya tinakot lang namin. Piniringan namin ’tapos iniwan namin sa gitna ng highway in the middle of nowhere.’ Ayon, pagkatapos n’on wala na kaming balita sa kanya,” sabi pa ni Axel John.

“Ay, p\*tang-ina ninyo naman palang mga sira-ulong gago kayo! Ibalik ko kaya kayo sa matres ng nanay ninyo! Kaya pala walang binanggit iyon kundi kriminal ako! Daig n’yo pa iyong mga pabebe girls! Kayo naman pabobo men! P\*tang-ina ninyo!”

# KABANATA 4

---

Auminga ako nang napakalalim habang nakatayo sa labas ng pinto ng mga Emilio. Iniisip ko na baka nandito si Thaddeus. Kailangan ko siyang makausap. Kailangan naming linawin ang mga bagay sa buhay-buhay namin. Hindi pwedeng maikasal kami. Hindi kasi ako papayag talaga.

Kahit na ano pa'ng gawin at sabihin ni Mommy sa akin, kahit na ipa-revoke pa nila ang lisensya ko bilang doctor ay hindi ako papayag na magpakasal kay Thaddeus.

Naisip ko na baka kapag nakausap ko siya ay pumayag siya sa gusto ko. Hindi naman siguro niya talaga gustong sabihin na siya ang masusunod sa aming dalawa. Baka tinatakot niya lang ako, baka hindi niya lang matanggap na ganoon dapat. Baka ginagawa niya lang iyon para ayawan ko siya. Hindi naman na niya kailangang magpakapagod sa kakagawa ng paraan para ayawan ko siya. Ayoko talaga sa kanya.

“Georgina!”

Nagulat ako nang bumukas ang pinto pagkatapos ay lumabas ang mama ni Thaddeus. May dala siyang isang malaking brown paper bag na may lamang kung ano sa loob. Mukhang magaling na siya. Sabagay, hindi naman talaga siya nagkasakit kaya nga umalis kaagad ang

doktor na nag-check sa kanya. Nagsakit-sakitan lang siya.

Pinilit kong ngumiti. “Nariyan po ba si Thaddeus?” tanong ko.

Nakangiti pa rin siya. Hinawakan niya ang braso ko. “Kung si Ido, sumama ka na sa akin. Pupuntahan ko siya ngayon. Halika.” Hinatak niya ang kamay ko ’tapos ay sumakay kami sa isang pulang kotse. Nasa loob na kami kaya wala na akong magagawa. Siya na ang nagmaneho para sa aming dalawa at habang nasa byahe ay wala siyang ginawa kundi ang ikwento ang kanyang anak.

I acted as if I were interested. Naisip ko na kailangan kong kunin ang loob ng nanay niya para kapag nabuko ko na talagang criminal si Thaddeus ay madali siyang maniniwala sa akin, lalo na kapag she trusts me.

“Siya po ba ang panganay ninyo?”

“Ah... hindi. Si Giting ang panganay ko. Magiting ang pangalan niya dahil ipinanganak siya noong Araw ng Kagitingan. Sumali siya sa frat noong college siya. Yun ang ikinamatay niya,” paliwanag ng babae.

Bigla akong natahimik. Hindi ako nakapag-comment. Ayokong makialam sa part na iyon. Kahit na gusto kong tanungin kung anong insidente ang nangyari ay hindi ko ginawa. Ayoko ng personal attachment sa kanila. I have my own agenda.

Hindi nagtagal ay nakarating kami sa bahay ni Thaddeus. Bungalow ang bahay, modern ang style. May malaking letter T sa front door na napipintahan ng silver. Hindi ko

alam kung bakit ako biglang kinabahan. Iyong thought na makikita ko siya, hindi ako mapakali.

I took a deep breath and followed his mom. May kasambahay siya na siyang nagbukas ng pinto para sa amin.

“Nasaan si Thaddeus?” tanong ko.

Napatingin sa akin si Tita Grace. Ngumiti siya at ipinagtulakan ako sa daan patungo sa mga silid.

“Bumaba ka diyan sa dalawang baitang. Iyong dulong kwarto sa hallway, naroon ang silid niya. Sige na, tawagin mo na siya para makapananghalian na tayo,” malambing na utos niya sa akin.

Huminga ako nang malalim. Okay, gagawin ko ito pero ginagawa ko lang ito para hindi kami matuloy sa kasal. Hahanap ako ng katunayan na hindi siya mabuting tao at aalis ako sa buhay niya na parang napapaso. Ayokong magpakasal kay Thaddeus, ayoko sa kanya. Ayoko talaga.

Lumakad ako patungo sa pinto sa dulo. Habang naglalakad sa hallway ay napansin ko ang iba't ibang litrato ng mga sikat na building at tower sa iba' ibang bansa.

Napansin ko ang mga litrato ng *Eiffel Tower*, ng *Burj Khalifa*, ng *Statue of Liberty* sa New York, iyong *Needle* sa Seattle at iyong *Tokyo Tower* sa Japan.

Ayoko man ay na-impress ako.

Looks like Thaddeus loves travelling. And maybe he's the one who took the pictures. Wala kasing signature iyon ng mga kilalang photographer sa bansa.

I reached his door. Kakatok sana ako nang mapansin

kong bukas iyon kaya pumasok na lang ako.

“Thaddeus?” I called. Sumara ang pinto sa likuran ko. Naggala naman ang mga mata ko sa silid niya. Sa may headboard ng kama niya ay may isa na namang litrato. Iyon yata iyong colorful bridge sa Korea—monochrome ang mga pictures niya.

Sa isang gilid ay may bookshelf. Sa gitna ng kwarto ay ang kanyang kama na nababalutan ng white bed cover na tinernuhan ng mga itim na pillowcases. Sa kabilang side ay may shelves din. Sa tabi ng shelves ay may dalawang pintuan. I’m certain that one is for the en suite bathroom and the other is for his closet.

“Thaddeus...” tawag ko ulit. Naglakad ako. Sa gilid ng isang shelf ay ang isang malaking bintana. Fiberglass iyon at bahagyang nakabukas ang dulo. Tumayo ako malapit doon at napangiti nang makita ko ang view niya ng buong Metro. Lumingon ako.

“Thaddeus...”

Napatingin ako sa sahig nang may maapakan ako. I had stepped on a remote control and the TV went on at full volume. Nanlaki ang mga mata ko nang makita ang palabas na pinanonood niya.

He’d been watching porn.

The woman on TV was on all fours and the man was behind her, thrusting in and out. The woman was moaning. I dunno if she was only faking it but she was moaning pretty loud.



*Abhh! Abhh! Abhh! F\*ck me! F\*ck me! Abhh!*

“Oh, my god...” Saktong lumabas si Thaddeus mula sa bathroom na nakatapi lang ng puting twalya. Napatingin siya sa akin. Puno ng pagtataka ang kanyang mukha pero saglit lamang iyon.

He grinned. “Wow! Ulam!” sabi niya pa.

Was he pertaining to me? Oh, my gad! Akmang tatakbo ako nang maagaw ng TV ang atensyon ko. The woman now was on her knees and the man had his penis in her mouth. He then spilled everything inside her mouth.

“Oh, my gad talaga!” sabi ko na lang.

Thaddeus was laughing at me. Mukhang tuwang-tuwa siya sa sitwasyon ko. Hindi naman ako makaalis sa kinatatayuan ko. Sa sobrang gulat ko ay hindi na ako nakagalaw roon. Naramdaman ko na lang na nasa harapan ko na si Thaddeus.

Itinaas niya ang baba ko sa pamamagitan ng hintuturo niya. “Mukhang masarap ka, Georgina,” sabi niya sa akin.

I gasped when he kissed me. Nanlaki ang mga mata ko nang mapatuon ako sa TV at nakita kong isinusubo ulit ng babae ang thing noong lalaki. Napapikit ako.

It was a wrong move because when I closed my eyes, lalong tumindi ang sensyasyong nararamdaman ko mula sa halik na iginagawad ni Thaddeus sa akin. Nanginginig ang katawan ko at parang kailangan ko ng lakas kaya ipinulupot ko sa leeg niya ang mga braso ko. Tila nagustuhan niya iyon at lalo niya akong hinapit. Hindi ko na alam ang sumunod

na nangyari.

Naramdaman ko na lang na nakahiga na 'ko sa kama niya habang naghahalikan kami. His tongue was doing wonders inside my mouth.

Bumaba ang halik na iyon. He hiked up my dress and pulled my panties down. Wala na ako sa huswisyo. Napaungol na lang ako nang maramdaman ang bibig niya sa kaibuturan ko.

“Ahhhh...” I could feel his tongue. Masarap. I haven't done this before with any guy. Kapag may boyfriend ako and we're making out, hanggang sa boobs area lang sila. I don't let any guy touch me there. It was sacred until now.

I grabbed a handful of the bedsheet when I felt his tongue inside my tiny hole. Kagat-kagat ko ang labi ko. I felt like I was going to explode and when I did, Thaddeus drank everything and made sure that nothing was wasted.

Pakiramdam ko ay pagod na pagod ako.

Pakiramdam ko ay tinakbo ko ang forty-two kilometers na daan nang sampung beses.

Tumabi sa akin si Thaddeus.

“Tama ako, masarap ka nga,” sabi niya. Kinuha niya ang kamay ko at inilagay sa crotch area niya. Nakahawak na ako ng ganoon. Kaya lang hindi *bubay*. Iyong nahahawakan ko, it's either, naputol, pinutol para pahabaan o kaya man, ipapalit sa dating vagina. His was different, parang tumitibok ito.

“Sit on me,” utos niya.

Napalunok ako. Is he gonna take me? But he looks so big, baka masaktan ako.

“Ayaw,” sabi ko. “Thaddeus...” I don’t know how to say this to him. “I’m a...”

But he understood.

“Really?” tanong niya. “That just raised you to number two on my f\*ckable women list, Georgina. Now sit on me. I won’t rip you.”

Napasunod niya ako. Wala na ang tuwalya niya. I sat on him and that was when I felt the warmth of his manhood on my sex. Hindi naman siya gumagalaw. He was just grinning.

“Now, darling, grind. Move. Hindi ko ipapasok,” sabi niya. Iginiya niya ako. He was so hard.

Gumagalaw ako sa ibabaw niya. We were creating friction. And it felt so damn good.

“I’m coming,” sabi niya.

Nagpalit kami ng pwesto. He spread my legs and kept on grinding between my legs. Not a moment later, I felt something warm spilling on my thigh. Napakagat-labi ako. Ang sarap sa pakiramdam.

“Uhhmm,” he moaned. “Sarap...”

Nakatitig lang ako sa kanya. Napaawang ang mga labi ko nang maintindihan ko kung ano ang ginawa namin.

We were making out—level seventy-five kind of making out.

“Ido! Georgina, ano bang—”

Oh. MY. God.

Sabay kaming napatingin sa pintuan. Naroon ang mama ni Ido. And we looked... so bad.

He was holding his thing while my legs were spread wide.

“Ay... sorry, anak, sige ituloy mo lang iyan.” Nakangisi ang mama niya.

Tumalikod si Grace. Ako naman ay tinulak si Thaddeus.

“Manggagahasa!”

“Hindi nga gahasa ito! Gusto mo kaya!”

I shook my head. Inayos ko na lang ang sarili ko.



Nakangisi lang ako habang nakatingin kay Georgina. Kumakain kami ng lunch habang si Mama ay walang ginawa kundi ngumiti at ngumiti lang.

“Naku, Ido, tatawagan ko ang tita mo at sasabihin ko sa kanyang magkakaapo na ako!”

“Mrs. Emilio, wala naman pong ganoon.” Pulampula ang mukha ni Georgina habang pinipilit magpaliwanag sa mama ko.

Wala naman na siyang magagawa dahil nakita na ni Mama ang gusto niyang makita. Alam ko ngayon na lalo niyang igigiit na magpakasal kaming dalawa at sa pagkakataong ito, hindi pa ako nakakaisip ng plano kung paano tatanggi. Alam ko lang kailangan kong kausapin si Georgina, kailangan naming magkalinawan. Kailangan naming magkaisa sa kagustuhan naming hindi magpakasal. Kung paano ay hindi ko alam. Hindi ko nga rin inaasahan

ang nangyari kanina.

Alam ko namang sa oras na makita niya ako at ang aking kahubdan ay gugustuhin niya ako dahil nga sobrang gwapo ko. Gusto ko rin naman ang nangyari kanina. Masarap siya, lasang pochero na maraming patis at kalamansi ang sawsawan. Gusto kong balik-balikan, gusto kong ulit-ulitin.

“Ma, ’wag nga kayong epal. Napi-pressure ninyo masyado si Georgina. Kalma, Mama.”

Pinanlakihan ako ni Mama ng mga mata.

Matapos kumain ay nag-ayos na rin ako. Hindi ko alam kung ano ang balak ni Mama at dinala niya rito ang babaeng patay na patay sa akin, pero kailangan kong umalis at may gagawin kami nina Axel John at King David.

Nang muli akong lumabas sa silid ko ay nakita kong nag-uusap si Mama at si Georgina sa sala. Hindi ko na sila pinansin pero nakita yata ako ni Mama na paalis kaya tinawag niya ako.

“Ido, saan ka na naman pupunta? Nandito ang fiancée mo, dapat asikasuhin mo siya.”

“Ma, kailangan kong umalis, may lakad kami nina Axel,” sabi ko na lang.

“Puro barkada na naman iyang iniisip mo. Ano bang mahalagang lakad iyan?”

“Ano...” I sighed. Hindi ko naman pwedeng sabihin na papatay kami ng tao kaya magkakasama na naman kami. “Si David, ano... bumalik iyong supot niya. Ipatatuli ulit namin. Ge, Ma! ’Bye!” Tumulikod ako pero bumalik din.

Nilapitan ko si Gerogina at hinagkan siya sa labi. Matapos iyon ay nagpaalam na ulit ako. “Bye, Ma! Rock and roll!”

Isinuot ko ang leather jacket ko at saka kinuha ang *Ducati* ko. Inayos ko ang helmet ko. Siniguro ko na dala ko ang baril ko. Nang ma-check ko na ang lahat ay saka ako umalis.

Tatlong buwan na akong nakabakasyon. Ang huling misyon ko ay sa Zimbabwe kung saan pinatay ko ang isa sa tatlong pinakamakapangyarihang political adviser sa bansang iyon. Ginusto niyang ipakalat ang isang nakamamatay na virus na ginawa ng isang scientist. Sa tingin niya ay makabubuti iyon sa kanilang ekonomiya.

Nakakatuwa kung iisipin. Sa trabaho ko, madalas kong naagapan ang problema ng mundo. Hindi ako nag-iisa sa liga. Madami kami, pero ako lang ang Pilipino. Si Axel John ay dating katrabaho ko. Siya ang nagpasok sa akin sa mundong ginagalawan ko ngayon, pero nang makulong ang senador ay umalis siya. Tinubos niya ang sarili niya sa pamamagitan ng gintong nahukay namin noon.

Ako, hindi na ako umalis. Kahit na noong namatay si Roma ay hindi na ako umalis. Wala na rin namang mangyayari kung aalis ako, may bahid na ng dugo ang mga kamay ko.

Nang matunton ko ang highway ay nakita kong nakasunod na sa akin ang magkapatid. A purple *Ducati* was on my left and a red one was on my right. Sabay-sabay naming tinunton ang lugar kung saan pupuntahan namin

ang kausap namin.

It had something to do with a billion-dollar painting. Isang collector na kailangang mawala. Kinuha kasi niya ang isa sa pinakamakasaysayang paintings sa mundo: *The Parisian Life*.

And, yes, we are here to take it, but we're not going to give it back. Huminto ako ilang blocks malapit sa warehouse. Sina AJ at David ang makikipag-usap. Ang misyon ko, patayin ang collector.

“Game na, Ido,” sabi sa akin ni Axel.

Tumingin ako kay David. “Huwag kang tanga, ha. Oo, kasal na sina Scott at Yella pero tandaan mo, bata, ikaw ang may kasalanan n'on. Don't f\*ck this up kung hindi babarilin kita sa bur!”

Kamot ulo lang ang ibinigay ni David na sagot sa akin. I made a face. Pumasok na sila ni Axel sa loob ng warehouse.

Nagbilang ako, inorasan ko sila at saktong limang minuto ay nagkabarilan na. Inilabas ko ang baril ko at inabangan ang kolektor na lumabas ng warehouse. Nang makalabas siya ay pumwesto na ako, akmang sasakay siya sa van nang paputukan ko siya ng baril. Tinamaan siya sa ulo, patay agad. Pinuntirya ko ang dalawang bodyguards niya.

Lumabas naman si KD sabay kuha sa painting. Nag-ooras pa rin ako. Hindi nagtagal ay dumating ang mga pulis.

Rinig na rinig ko ang wangwang nila. They were chasing us now. I looked back and stopped. Binaril ko ang gulong ng mobile nila. Sumabog iyon.

“Tang-inang gago!” sigaw ko sabay takbo ulit.

Hindi nagtagal ay nakalayo na kami. Tumuloy kami sa gubat at sa pinakaliblib niyon ay itinabi namin ang motor at nagpalit ng sasakyan. Sumakay kami sa purple na *Maserati* ni KD. Siya ang nagmaneho, ako naman ang nasa likod. Hawak ko ang painting na kinuha namin. Naghintay lang kami ng ilang sandali, at nang makadaan na ang mga pulis ay saka inilabas ni KD ang sasakyan niya sa highway.

Matapos iyon ay dumerecho na kami sa bahay ko. Nag-high five pa kaming tatlo. Masaya kaming nag-uusap.

“Tang-ina, akala ko mababaril na kita sa bur mong gago kang p\*tang-ina mo kang bata ka!” Tawa ako nang tawa.

Pumasok kami sa bahay. Natahimik ako nang makita ko roon si Agui at si Mama. Kasama pa rin nila si Georgina.

“Pa! Ma! Pa! Pa! Papa! Ma! Ma! Mama! Ano’ng ginagawa ninyo dito!” Ibinigay ko kay Axel ang painting.

“Mula sa araw na ito, Ido, dito na titira si Georgina.”

Parang narining kong kumulog at kumidlat.

Napansin ko ang mga gamit ni Georgina sa tabi niya. Napapanganga ako. Bigla kong naalala ang huling pag-uusap namin ni Judas.

Georgina is contacting him for E. Is she an addict?

Nang mahimasmasan ako ay isa lang ang nasabi ko.

“F\*ck you nga, Agui!”



# KABANATA 5

---

“*B*akit, Papa? Hindi naman ako pumayag sa deal natin. Ayokong pakasalan ang babaeng iyon. I will not marry her because I don’t love her, it’s as simple as that.”

Nag-uusap kami ni Papa sa loob ng office ko. Pinauwi ko na sina Axel at King David dahil sa tingin ko kailangan naming mag-usap ng pamilya ko. Ipaliliwanag ko na hindi ko pakakasalan ang babaeng iyon kahit na ano ang mangyari dahil hindi ko kayang magtaksil sa asawa ko. Hindi ko kayang palitan si Roma. Marrying another woman would make me feel like I was cheating on her, like I was doing something wrong.

Nang pakialaman ko si Georgina ay nakadama ako ng awa sa kanya. Dapat ay hindi ko ginawa iyon. Patay na patay sa akin ang babae at umabot na ngayon sa punto na ipinipilit na yata niyang pakasalan ko siya. Hindi ko pwedeng gawin iyon. Pagkatapos ngayon gusto pa ng mga magulang namin na tumira kami sa iisang bahay.

“Pinakialaman mo na si Georgina, Thaddeus. Hindi pwedeng tatakbuhan mo siya pagkatapos n’on,” giit pa ni Papa.

Napailing ako. Ano ba’ng gagawin ko? Alam ko at dama ko ngayon kung gaano kaseryoso ng mga magulang ko sa

pakikialam sa buhay ko. Hindi ko ito hahayaan. Matanda na ako at hindi naman teenager si Georgina para sabihing pinakialaman ko siya.

We are two consenting adults. Hindi siya minor, hindi siya inosente. She may be a virgin but she is *no* innocent. Alam niya ang ginagawa namin kanina, alam niyang ang ginagawa namin ay ganoon pero hindi niya ako pinigilan. Hindi siya tumutol. Pagkatapos sasabihin nila sa akin na pinakialaman ko siya?

Saan ko ilulugar ang sarili ko?

“Pa! Matanda na ako! May isip na rin si Georgina. Alam kong alam niya ang ginagawa namin. Kung lahat pala ng lalaking nakikialam sa babaeng hindi naman niya syota, eh, kailangang pakasalan ang babaeng iyon, di sana wala nang disgrasyada . Kung gusto ho ninyo na maging parte ng pamilya si Georgina, kayo ang magpakasal sa kanya!”

Galit na ako. Naipon ang tensyon sa dibdib ko at sa tingin ko ay galit na rin si Papa. Naihampas niya ang kamay niya sa table at saka tumayo.

“Wala ka pa ring ipinagbago! Mula noon hangang ngayon wala kang pakialam sa iba, wala kang pakialam sa responsibilidad! Iyan ang dahilan kung bakit namatay ang kuya mo, iniwan mo siya sa ere at ganoon din ang ginagawa mo kay Georgina! Hanggang kailan mo ba tatakbuhan ang mga resposibilidad mo? Be man enough! Hindi mo alam—”

“Bakit, kayo, Pa? May alam ba kayo sa akin?! Huwag ninyo akong kausapin na para bang wala akong alam sa

sakit o sa mga pinagdaanan ninyo because, frankly, I've been through worse. Worse enough na baka kapag nalaman mo, mapahiya ka sa sarili mo.”

Sa galit ko ay umalis ako. Tinawag ako ni Papa. Nakita naman ako ni Mama na paalis pero hindi ko siya pinansin. Dere-derecho lang ako, hanggang sa makalabas ako ng bahay. Nanginginig ang katawan ko sa galit. Hindi ko alam kung bakit kailangan nila akong itulak sa babaeng iyon. Gusto kong sabihing ayoko, na hindi pwede ang gusto nila, na ako iyong taong gusto lang mapag-isa dahil habambuhay kong pagsisisihan ang nangyari sa mag-ina ko.

Hindi nila ako maiintidihan. Walang nakakaintindi sa akin.

Natagpuan ko ang sarili ko sa tabi ng puntod ni Roma. Umupo lang ako roon habang tinitingnan ang larawan ng mag-ina ko. Roma was smiling at the camera like nothing mattered but our family. Amarah was just as beautiful as her mother.

Nasasaktan ako. Nasasaktan ako dahil hanggang ngayon nakakulong ako sa isang kahapon. Napapagod na ako. Minsan iniisip ko na gusto ko na lang ding mawala. Many times I have thought of shooting myself in the head. Pero naiisip ko na hindi ko siya makakasama kung mamamatay ako sa ganoong paraan. I would surely go to hell if I kill myself. Ayoko n'on, kailangan kong mabuhay...

Pinahid ko ang luha kong kanina pa nasa aking mga pisngi. Walang sing-sakit ang mawalan ng mga mahal sa

buhay, iyong gumagalaw ka sa araw-araw na ang pakiramdam mo ay may kulang sa iyo. Iyong pakiramdam mo kahit anong galaw mo, lahat ay masakit at walang nariyan para ibsan ang sakit na iyon.

Siguro kaya rin ako ganito ay dahil alam kong hindi na maibabalik ag dati. Hanggang ngayon nasa denial stage ako. Iniisip kong magiging maayos pa rin ang lahat, na kahit wala na si Roma ay magiging normal ang buhay ko. Pero niloloko ko lang ang sarili ko. Wala na. Matagal ko nang alam na wala na... hindi na siya babalik.

Habang-buhay na lang akong nawawala at wala na sigurong makakahahanap sa akin.

Inayos ko ang sarili ko. Uuwi ako sa bahay. Kakausapin ko ang mga magulang ko at sasabihin kong ayokong pakasalan si Georgina. Sasabihin ko kay Mama ang totoo. Ipagtatapat ko ang tungkol kay Roma. Bahala na kung ano ang sasabihin nila sa akin, kung paniniwalaan nila ako o hindi, kung iisipin nila na gawa-gawa ko lang iyon dahil sa ayaw kong magpakasal. Ayos na sa akin ang kahit na ano...



My plan will work. I know that it will. Kapag nasa loob na ako ng buhay ni Thaddeus, madali na sa akin ang makita ang lahat ng baho niya. Nabasa ko dati na makikilala mo lang ang tao kapag magkasama na kayo sa bahay. And that is exactly what I will do.

Kikilalanin ko si Ido. Hindi ako matatakot sa kanya. Hindi ko ipapakita sa kanya na nanginginig ang mga tuhod

ko kapag nariyan siya. Hanggang ngayon kasi ay hindi ko pa rin nakakalimutan ang ginawa niya sa akin noong nasa rooftop kaming dalawa. Hindi ko na yata talaga malilimutan ang insidenteng iyon. Kung minsan ay dinadalaw pa ako ng insidenteng iyon sa panaginip ko. And I noticed that I now fear being in high places and it was all because of that man.

Naikuyom pa ang mga palad ko. Ipapakita ko kay Ido na hindi ako masayang kaaway. I have my own flaws. Hindi ako talaga dapat matakot sa kanya dahil kapag natakot ako, doon magsisimulang mayanig ang buong mundo ko. Hindi ko na rin pakakaisipin ang mga tingin niya. Kung gusto niyang maglaro, sasakyan ko. I will do everything just to make my mother see how wrong she is for choosing Ido for me.

Napatayo ako nang marinig ko ang pagbukas ng pinto ng bahay niya. Nasa sala ako, hinihintay siya. Kanina ko pa iniisip kung ano ang sasabihin sa kanya, kung paano siya mahuhulog sa patibong ko. Maganda ako, charming. But how will I use my charms on him?

I waited for him to look at me. Pumasok siya nang nakayuko, he seemed very tired. Pinaglalaruan niya ang susi ng sasakyan niya sa kanyang mga daliri. I was watching him.

Why is he acting like this?

“Ido...” I called him. Mukhang saka niya pa lang ako napansin.

He faced me. Wala akong makitang kahit na anong reaksyon sa mukha niya Nakatitig lang siya sa akin.

Kumabog ang dibdib ko. Ano'ng sasabihin ko?

*Ask him something, George!*

Kumakabog ang dibdib ko sa kaba. Hindi siya gumagalaw. I cleared my throat and smiled at him. May halong takot ang ngiti ko.

"I... I hope you don't mind me staying here," sabi ko sa kanya.

Tumaas ang isang sulok ng bibig niya. "Ngayon lang kita nakilala, Dr. Varess. Sinisimulan mo nang sirain ang buhay ko. Ano'ng meron? Ano'ng gusto mo? Ganoon mo ba ako kagusto na handa kang pikutin ako?" He laughed sarcastically.

Napalunok ako. "May nangyari sa atin, kaya responsibilidad mo ako!" giit ko sa kanya.

Lalo siyang tumawa.

"Wrong answer! Kung iyan ang baraha mo, baka magsisi ka. Pwede kitang galawin mula ngayon, paulit-ulit, kung iyan ang gusto mo, sige, ibibigay ko sa 'yo. But I will never marry you!"

"Sino'ng may sabing gusto kong pakasalan mo ako?" inis na balik ko. "I don't want you to marry me. I want a life without you! Kung nandito man ako, nandito ako dahil gusto kong malaman ang lahat sa 'yo para masabi ko sa mama ko that you are not worth anything!"

Bigla ay napakagat ako ng labi. Bakit nasabi ko sa kanya ang mga bagay na iyon? Hindi ko dapat ibinunyag ang plano ko. I gasped hard when he laughed again, louder this

time. Wala nang halong sarcasm ang tawa niyang iyon.

“Ayoko rin namang pakasalan ka. Pareho naman pala tayo ng plano, bakit hindi na lang tayo magsama? Let’s teach our parents a lesson that they will never forget. Are you with me, Georgina?”

Napatitig ako sa kanya. Suddenly, I see Ido in a different light.



*Thaddeus, 'wag mong halikan si Amarah! Hindi ka pa nagse-shave!*

Natawa ako nang hampasin ako ni Roma sa likod nang makita niyang hinalikan ko si Amarah sa pisngi habang nakatalikod siya. I just love annoying my wife. Piningot niya ako pagkatapos ay kinurot sa tagiliran.

*Ido! Huwag kang makulit, ha!*

Tinawag ko siya. *Mama...*

*Daldalhin ko na kayo kina Mama at Papa...*

Napatitig siya sa akin. Ngumiti siya at hinaplos ang mukha ko.

*Hindi pa, Ido. Gusto ko kapag nakilala na ako ng pamilya mo, pareho na tayong wala sa liga. Sa ngayon kasi, threat pa tayo sa kanila. Ayokong mapahamak ang pamilya mo dahil sa akin o sa 'yo. We have to fix our problems first. Para kay Amarah at sa mga magulang mo...*

I opened my eyes and sighed. It was one of those dreams again. Si Roma at si Amarah—ang pamilyang dating meron ako.

Umupo ako sa gilid ng kama at binuksan ang drawer sa bedside table ko. Kinuha ko roon ang litrato naming tatlo. It was taken from our old house, on the bed where we used to lie. Amarah was just about to have her first tooth. Roma was full of life and beauty.

Hanggang ngayon, palaisipan sa akin kung sino ang pumatay sa mag-ina ko. Hinahanap ko pa rin siya hanggang ngayon. At kapag nahanap ko siya, ako mismo ang papatay sa kanya. Ninakaw niya sa akin ang pinakamahalagang parte ng buhay ko kaya gaganti ako.

Lumabas ako ng silid ko upang magpunta sa kusina. Inom ako ng tubig dahil nakadama ako ng matinding uhaw—uhaw na hindi mapapawi basta-basta. Uhaw na mapapawi lamang kapag naipaghiganti ko na ang mag-ina ko.

Nang marating ko ang kusina ay natagpuan ko roon si Georgina na may ginagawa sa laptop. May mga papel sa harapan niya. She seemed to be so engrossed in whatever it was she's doing. Habang nakatingin ako sa kanya ay naalala ko ang sinabi ni Judas sa akin noong nakaraan.

She buys drugs.

Is she an addict? If she is, bakit hindi halata? Alam ko ang hitsura ng mga napapariwara sa droga.

Unless, she was buying the drugs for someone else.

“O, gising ka pala. Sorry, ha, may tinatapos pa kasi ako. I have this operation tomorrow. Gusto mo ng coffee? I made some. Wait, ikukuha kita.” Tumayo siya at pumunta



sa counter kung nasaan ang coffeemaker ko.

Lumapit ako sa ginagawa niya. Napangiwi ako nang makita ko ang litrato ng isang babaeng sunog na sunog na. Halos hindi na makilala ang mukha niya.

Sa laptop naman ni Georgina ay naroon ang isang larawan ng babaeng nakangiti, makinis ang mukha at maganda.

“Facial and skin restoration, iyon ang gagawin ko sa kanya. She was severely burned in an incident. Halos isang taon ko na rin siyang pasyente. Matagal ang proseso pero bukas, ibabalik ko sa dati ang lahat sa kanya,” paliwanag ni Georgina habang ibinibigay niya sa akin ang kape.

Ngumiti siya. She seemed to be really proud of her work. Naupo siya at may kung anong ginawa sa laptop niya pagkatapos ay lumabas ang before and after ng babae.

“Maibabalik pa ba siya sa ganyan? Hindi na siya makilala,” sabi ko pa sa kanya. Naupo na ako sa tabi niya pagkatapos ay nakisilip sa ginagawa niya. “Hindi ba nakakamatay ang operasyon na iyon?”

“Hindi.” She turned to me. “But I remember one time, my first ever restoration, it was awesome. Akala ko nga hindi ko maibabalik ang dati niyang mukha. I did make some adjustments, iyon kasi ang gusto noong asawa niya. Iniba ko ang eye shape, ang lips, ang noseline niya. She was even more beautiful in person after the operation. Noong nakita ko siya, doon ko nasabi sa sarili ko na, restoration ang gusto ko. I love plastic surgery.”

“Late mo na na-realize?” I asked.

“Hindi.. uhm... don’t say it to anyone, but when I operated on her, wala pa akong lisensya. I was just about to graduate then. Illegal kumbaga, pero napasaya ko iyong pamilya nila. They’re in the States now with their only daughter.”

Napansin ko na madaldal si Georgina pagdating sa trabaho niya. Ganoon yata talaga kapag passion ang pinag-uusapan. Pero wala akong ibang gustong itanong sa kanya kundi ang pagbili niya ng droga kay Jude. Ginagamit niya ba iyon o ibinibigay niya sa iba?

I sighed.

“Georgina... pag-usapan natin ang plano,” sabi ko.

Kanina ay napapayag ko siya sa kagustuhan kong maging partners kami. Naisip kong iisa lang ang gusto namin. Gusto kong tumigil na ang nanay ko sa pakikialam sa akin. Gusto naman niyang ipakita sa nanay niya na hindi ako tama para sa kanya. Game ako roon. Hindi ko naman kahit kailan gugustuhin na makasama si Georgina. Plano ang lahat, sisirain namin ang isa’t isa sa mata ng mga magulang namin.

“Wala akong time sa ngayon, Ido,” sabi niya. “I just want to concentrate on this first. Pwede ba iyon? Bukas na lang tayo mag-usap kapag natapos na ang nine hour operation na ito. All right? Good night, Ido,” she told me, as if she was already dismissing me.

Napangisi ako. Naalala kong iba nga pala si Georgina. Hindi siya tulad ni Roma na ihihinto ang lahat ng ginagawa,

maski na ang pagpatay sa target, para lang kausapin ako.

Wala pa yatang babaeng nakakagawa n'on para sa akin mula nang mamatay siya. Iyong ihihinto ang ginagawa para paluguran ako. Si Liway, dati ganoon. Her world would stop if I called and asked something of her. Pero ngayon may mga bulinggit na siyang kasa-kasama panay, at sila naman ang inaasikaso niya.

Bumalik ako sa silid ko at muling nahiga. Pero hindi naman na ako nakatulog. Naiisip ko si Georgina. Naiisip ko si Roma. Naiisip ko ang mga bagay na hindi naman dapat naglalaro sa utak ko.

Naiisip ko, paano kung bahay si Roma at ang anak ko? Paano kung kinuha lang sila sa akin noon?

It's crazy. Then again, we live in a crazy world.



“Good morning, Doc! Are you ready for your operation?”

Tinaasan ko lang ng kilay ang nurse na nakasalubong ko. I was never a bubbly person. Alam ko nga na mas gusto nila si Danelle kaysa sa akin and I just don't care. Masaya ako na kinatatakutan ako dito.

Ayokong maging predictable sa kanila. Ayokong nahuhulaan ng kahit sino ang iniisip ko. Gusto ko, ako ang mas dominating lalo na pagdating sa trabaho. Hindi na ako nagpakita sa mga kapatid ko. They usually want me to say hi to them.

Agad kong pinuntahan ang pasyente ko. “Hi, Frida. Are you ready to reclaim the life you once lost?” I saw her nod

and smile.

“Patulugin mo ako, Doc. Ayokong maramdaman,” sabi niya.

I smiled back at her. Sinenyasan ko ang grupo na ihanda na ang lahat. Ako naman ay lumabas para pumasok na rin sa operating room nang bigla kong masalubong si Javier—ang asawa ng kapatid ko.

Napahinto na lang ako at napabuntong-hininga. I asked myself again how Dandan could be so lucky. She could have everything she wanted in life. Three children, a very good—actually, a too good to be true husband, and a good job She’s living the life most girls would kill for. She owned the life I wanted, the husband I wanted.

It’s one of my darkest secrets.

I’m in love with Javier Consunji.

“Oh, ’morning, Georgina,” bati niya sa akin.

Huminga ako nang malalim. “Walang good sa morning.” Nilagpasan ko siya.

Napadaan ako sa clinic ni Danelle. I saw her admiring the flowers that were probably from her husband.

I shook my head. Kailan kaya mapapasaakin ang lahat?

Habang ginagawa ang procedure ay wala akong ibang naiisip kundi si Javier. I met him first. I met him when I was in high school, grade seven lang ako noon. Grade nine siya. Madalas ko siyang makita sa grounds while he played football. I had a crush on him and one time, I tried giving him a love letter. But I was too nerdy looking for him to

notice me. At siguro, hindi na rin niya ako matandaan ngayon.

Kaya nga ganoon na lang ang galit ko nang makita ko si Javier sa bahay namin matapos ang ilang taon at si Danelle ang hanap niya.

Why is everything for my sister easy? Bakit sa akin hindi?

Danelle did drugs. She defied our parents. She left home. But when she came back, parang wala lang nangyari.

“Doc, tubig?” alok sa akin ng assistant nurse ko. Umiling ako at pinagtuunan ng pansin ang nasa harapan ko.

I once wished that I were my sister—that I was living her life instead of mine. I sometimes dreamed of how it would be like waking up next to Javier and making love to him, pero wala. Wala na akong pagkakataon dahil nakuha na iyon ng kapatid ko.

“We’re done,” I said. The operation lasted for five and a half hours. I perfunctorily thanked everyone that helped during the procedure.

I took a deep breath and exited the operating room.

Pagkatapos kong mag-scrub at magpalit ng damit ay naupo ako sa waiting lounge at tumingin sa hallway. Iniisip ko kung paano ko pa mababago ang buhay ko. Naiinip na ako. Routine ang buhay ko. I want a new adventure. I want to experience adrenaline running through me.

Suddenly, I saw Thaddeus standing in the middle of the corridor. His presence hit me like an adrenaline shot.